{Ang pinakamadalas sa panalangin noon ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay: "Allāhumma rabbanā ātinā fi -ddunyā ḥasanatan wa-fi -l'ākhirati ḥasanatan wa-qinā `adhāba -nnār. (O Allāh, Panginoon namin, magbigay Ka sa amin sa Mundo ng maganda at sa Kabilang-buhay ng maganda; at magsanggalang Ka sa amin sa pagdurusa sa Apoy.)"}

Ayon kay Anas (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: {Ang pinakamadalas sa panalangin noon ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay: "Allāhumma rabbanā ātinā fi -ddunyā ḥasanatan wa-fi -l'ākhirati ḥasanatan wa-qinā `adhāba -nnār. (O Allāh, Panginoon namin, magbigay Ka sa amin sa Mundo ng maganda at sa Kabilang-buhay ng maganda; at magsanggalang Ka sa amin sa pagdurusa sa Apoy.)"}
[Tumpak] [Nagkasang-ayon sa katumpakan nito]

Ang Propeta noon (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay nagpapadalas ng pagdalangin masasaklaw sa panalangin. Kabilang sa mga ito: "Allāhumma rabbanā ātinā fi -ddunyā ḥasanatan wa-fi -l'ākhirati ḥasanatan wa-qinā `adhāba -nnār. (O Allāh, Panginoon namin, magbigay Ka sa amin sa Mundo ng maganda at sa Kabilang-buhay ng maganda; at magsanggalang Ka sa amin sa pagdurusa sa Apoy.)" Ito ay naglalaman ng maganda sa Mundo na panustos na kaiga-igayang malawak na ipinahihintulot, kabiyak na maayos, anak na ikinagiginhawa ng mata, kapahingahan, kaalamang nagpapakinabang, gawaing maayos, at tulad nito kabilang sa mga kahilingang naiibigan at pinahihintulutan; at ng maganda sa Kabilang-buhay na kaligtasan mula sa mga kaparusahan sa libingan, tindigan (mawqif), at Impiyerno; at pagtamo ng kaluguran ni Allāh, pagkamit ng kaginhawahang mananatili, at pagkalapit sa Panginoong Maawain.

http://www.sunnah.global/hadeeth/tl/show/5502